# Racial and Identity Profiling Advisory Board

## Buod Ng Ehekutibo
## 2023

January 1, 2023

## BUOD NG EHEKUTIBO

Ang 2023 Taunang Ulat ("Ulat") ng California Racial and Identity Profiling Advisory Board (Lupon ng Pagpapayo sa Panghuhusga Batay sa Lahi at Pagkakakilanlan ng California) ("Lupon") ay ang ikaanim na ulat ng Lupon mula nang mabuo ang Lupon noong 2016. Ang ulat na ito ay nakabatay sa naunang gawain ng Lupon sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa malawak na hanay ng mga isyu kaugnay sa panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan kapag nagpapatupad ng batas at kung paano maaalis ang ipinagbabawal na gawaing ito. Sa nakalipas na apat na taon, ang data na nakolekta sa ilalim ng Racial and Identity Profiling Act ("RIPA") ay nagbigay ng direktang ebidensya sa hindi parehong pagpapatupad ng batas sa buong California. Ipinapakita ng data ng taong ito ang pare-parehong patern sa iba't ibang pagpapahinto para sa pagpapatupad ng batas, mula sa dahilan ng pagpapahinto hanggang sa ginawang mga aksyon para dito at hanggang sa mga resulta nito.


Partikular na sinusuri ng 2023 Ulat ang data ng pagpapahinto ng RIPA mula Enero 1, 2021 hanggang Disyembre 31, 2021, na nakolekta at iniulat ng 58 ahensyang nagpapatupad ng batas, kabilang ang 23 pinakamalaking ahensya na nagpapatupad ng batas sa California. Sinusuri din ng Ulat ang negatibong epekto sa kalusugan ng kaisipan ng masamang pakikipag-ugnayan sa pagpapatupad ng batas sa mga indibidwal at komunidad at naglalaman ng isang bagong pokus sa mga pakikipag-ugnayan sa kabataan sa pagpapatupad ng batas sa loob at labas ng paaralan. Karagdagan pa, patuloy na sinusuri ng ulat ang data at pananaliksik sa mga pagpapahinto dahil sa maling dahilan at mga pinahintulutang pagsisiyasat. Sa Buod ng Ehekutibo na ito, binigyang-diin ng Lupon ang mga partikular na natuklasan, nasuri, at nasaliksik na tinalakay nang mas detalyado sa nilalaman ng Ulat.


Bilang karagdagan sa Ulat, nagsama rin ng isang listahan ng mga Rekomendasyon at Pinakamahusay na Kasanayan ang Lupon na tinalakay sa Ulat. Hinihikayat ng Lupon ang lahat ng stakeholder, kabilang ang mga ahensyang nagpapatupad ng batas, tagagawa ng patakaran, ang Komisyon ng California sa Pamantayan at Pagsasanay ng Opisyal ng Kapayapaan (Peace Officer Standards and Training, POST), mga mananaliksik, tagapagtaguyod at miyembro ng komunidad, na gamitin ang mga rekomendasyon at pinakamahusay na kasanayang ito bilang batayan ng talakayan at pagpapatupad ng mga reporma. Ang mga repormang ito ay hindi lamang magpapabuti sa pampublikong kaligtasan ng California, palalakasin din nito ang pagpapatupad ng batas at relasyon sa komunidad. Mahalaga ang pananaw ng komunidad sa anumang proseso ng reporma. Hinihikayat ng Lupon ang mga ahensya at munisipyo na makipagtulungan sa mga miyembro ng komunidad sa paggawa ng pagbabago sa kanilang mga komunidad.

### MGA NATUKLASAN NG RIPA SA DATA NG PAGPAPAHINTO


- Iniulat ng mga ahensya ang higit sa 3.1 milyong pagpapahinto sa panahon ng pagkolekta ng data, at ang California Highway Patrol ang may pinakamaraming pansamantalang pag-aresto sa mga solong ahensya (54.9%).

- Karamihan sa mga pinapahinto ay binubuo ng mga pinaniniwalaang Hispanic/ Latine(x) (42.4%), Puti (30.7%), o Itim (15.0%).





- Karamihan sa mga pinapahinto ay pinaniniwalaang kinabibilangan ng (cisgender) lalaki (72.1%) o (cisgender) babae (27.5%), na may kabuuang 99.7 porsyento ng mga indibidwal na pinapahinto.
- Napag-alaman ng mga opisyal na 1.2 porsiyento ng mga indibidwal na kanilang pinapahinto ay may isa o higit pang kapansanan. Sa mga tinuturing na may kapansanan, ang pinakakaraniwang kapansanan na iniulat ng mga opisyal ay kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip (75.1%).



- Ang iniulat na pinakakaraniwang dahilan sa pagpapahinto sa lahat ng mga pangkat ng lahi/etniko ay ang paglabag sa batas-trapiko (86.8%), kasunod ang makatwirang hinala na ang indibidwal ay nakikibahagi sa kriminal na aktibidad (10.5%). Kaugnay sa iba pang pangkat ng lahi/etniko, ang mga Itim ang iniulat na may pinakamataas na porsyento ng pagpapahinto dahil sa makatwirang hinala (16.2%) at ang pinakamababang porsyento ng iniulat na pagpapahinto dahil sa paglabag sa batas-trapiko (80.5%).
- Upang magbigay ng konteksto ang mga nag-uulat na ahensya tungkol sa distribusyon ng mga lahi ng pinapahinto, inihambing ng Lupon ang data ng pagpapahinto sa data ng mga naninirahan sa American Community Survey (Surbey sa Komunidad ng Amerika) na binigyang halaga ayon sa mga nasasakupan ng mga nag-uulat na ahensya. Aang mga Itim at Hispanic/Latine ( x ) ay may mas malaking porsyento sa mga pagpapahinto kaysa sa kanilang kaugnay na porsyento sa populasyon ng California.





Sinuri ng Lupon kapag iniulat ng mga opisyal ang paggamit ng puwersa sa isang pagpapahinto. Ipinapahiwatig ng mga natuklasan na:


- Mas malamang na gamitan ng puwersa ang mga Itim at Hispanic/Latine (x) kaysa sa mga Puti, habang ang mga Asyano at Iba pang indibidwal ay mas malamang na gamitan ng puwersa. Sa katunayan, 1.24 beses at 1.09 beses na mas mataas ang posibilidad ng paggamit ng puwersa sa pagpapahinto sa mga Itim at Hispanic/Latine (x), ayon sa pagkakabanggit.

Sinuri din ng Lupon ang mga aksyong ginawa sa panahon ng pagpapahinto. Ipinapahiwatig ng mga natuklasan na:


- Ang mga pinapahinto na itinuturing ng mga opisyal na may kapansanan ay may mas mataas na posibilidad na siyasatin (45.9%), ideteni sa gilid ng bangketa o sa patrol car (46.0%), at posasan (49.4%) kaysa sa mga itinuturing na walang kapansanan (11.4% ang sinisiyasat, 10.8% ang idenedeteni, at 9.3% ang pinoposasan). Ang mga itinuturing ng mga opisyal na may kapansanan ay may mas mababang posibilidad na utusang bumaba ng sasakyan (3.3%) kaysa sa mga itinuturing na walang kapansanan (4.3%).
- Sa lahat ng pangkat ng lahi at etniko, mapapansing ang pinakamataas na porsyento ng mga pinapahinto kung saan ang mga indibidwal ay pinoposasan, sinisiyasat, o idenedeteni sa gilid ng bangketa o sa patrol car ng mga opisyal ay ang mga kabataan (10-14 taong gulang at 15-17 taong gulang). Sa loob ng mga pinaghihinalaang edad at pagkakakilanlan ng lahi at etniko, ang mga Itim na kabataan (10-14 at 15-17 taong gulang) ay nadeteni sa gilid ng bangketa o sa patrol car (36.2-44.5% sa bawat pag-aresto), siniyasat (39.9-42.4% sa bawat pag-aresto), o naposasan (33.5-36.5% sa bawat pag-aresto) sa panahon ng mas mataas na porsyento ng mga pagpapahinto kaysa sa lahat ng pinagsamang lahi at etniko at mga pangkat ng edad. Ibinunyag ng data ng RIPA na ang 15-17 taong gulang na Itim na kabataan ay sinisiyasat ng halos anim na beses kaysa sa rate ng Puting kabataan, at 15-17 taong gulang na Hispanic/Latine (x) na kabataan ay sinisiyasat ng halos apat na beses kaysa sa rate ng Puting kabataan.
- Sa pangkalahatan, sa lahat ng mga pangkat ng lahi at etniko, ang mga pinapahinto na itinuturing ng mga opisyal na Itim ang may pinakamataas na rate ng pagsisiyasat (20.1%), pagdedeteni sa gilid ng bangketa o sa patrol car (17.9%), pagposas (15.4%), at pagpapababa sa sasakyan (7.6%). Katulad sa mga natuklasan sa 2022 na Ulat, mas sinisiyasat ng mga opisyal at inutusang bumaba ng sasakyan ang mga Itim kaysa sa mga Puti, kahit na higit sa dawalang beses ang dami ng mga pagpapahinto sa mga Puti kaysa sa mga Itim.



- Karagdagan pa, ipinapakita ng pagsusuri sa rate ng pagsisiyasat na may mas mataas na rate ng pagsisiyasat ang lahat ng mga may kulay na pangkat ng lahi o etniko, maliban sa mga Asyano at Gitnang Silangan/Timog Asyano, kaysa sa mga itinuturing na Puti. Ang mga pinapahinto na itinuturing na Itim ay sinisiyasat ng higit sa dalawang beses sa rate ng mga Puti.




- Iniuulat din ng mga opisyal ang resulta ng bawat pagpapahinto (halimbawa, pagbibigay ng babala o sumon, pag-aresto, o walang ginawang aksyon). Iniulat ng mga opisyal na kadalasang walang ginagawang aksyon sa mga pagpapahinto sa mga itinuturing nilang Itim kumpara sa iba pang pangkat ng lahi/ etniko, na nagpapahiwatig na ang mga Itim na kanilang pansamantalang inaresto ay hindi nakikibahagi sa kriminal na aktibidad.



## MGA EPEKTO SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP SA PAGPAPAHINTO

Sinuri ng Lupon ang kamakailang pananaliksik na nagpapakita na ang mga pakikipagpalitan sa pulisya ay maaaring may negatibong epekto sa pisikal at metal na kalusugan ng mga Itim, Katutubo, Hispanic /Latine (x) at iba pang taong may kulay. Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga uri ng palitan at dalas ng mga labag-sa-loob na palitan sa mga tagapagpatupad ng batas ay maaaring may masamang epekto sa pinapahinto, na nagbubunsod ng mga tugon sa stress, sintomas ng depresyon, pagkabalisa, at iba pang kaugnay na negatibong epekto sa kalusugan ng pag-iisip. Iminumungkahi ng pananaliksik na ito na hindi lang nauugnay sa kriminal na ligal na sistema at pagpapatupad ng batas ang panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan; malaking isyu din ito sa pampublikong kalusugan.

Sa nagdaang dekada, naging maagap o agresibo ang paraan ng pagpapatupad ng batas sa bayan, kung saan gumagamit ng aktibong taktika ang mga opisyal sa pakikipagpalitan sa mga indibidwal sa “mga lugar na may maraming krimen” para matuklasan ang “napipintong” aktibidad ng kriminal. Sa malalaking lungsod, may pinakamaraming palitan ang pulisya at mga batang lalaki na Itim at Hispanic/Latine(x), na nakakaranas ng malaking pagkakaiba mula sa kanilang mga kaedarang Puti sa kung paano sila tinatrato sa panahon ng mga palitan sa pagpapatupad ng batas.

Ang banta o kilos ng pagsusumbong sa mga Itim at Hispanic/Latine(x) sa pulisya ay maaaring maglagay sa kanila sa panganib ng napakaseryoso, napakanegatibong sikolohikal na epekto. Ipinapakita ng pananaliksik na ang pagsusumbong sa mga tagapagpatupad sa batas dahil sa diskriminasyon – na kilala rin bilang bias by proxy – ay maaaring gawing armas laban sa mga inosenteng tao na may kulay bilang isang uri ng pananakot sa lahi na maaaring magdulot ng matinding takot sa biktima, dahil sa kasaysayan ng kalupitan ng pulisya at paggamit ng puwersa laban sa Itim, Hispanic/Latine (x), Katutubo, at iba pang taong may kulay.

Sinuri ng Lupon ang mga pag-aaral at pagsisiyasat ng mga Itim na naninirahan sa mga bayan, at iminumungkahi ng mga mananaliksik na ang mga pansamantalang inaresto ay nakakaranas ng mataas na rate ng pagkabalisa, nakakaramdam ng kawalan ng katarungan, nawawalan ng pag-asa, at nakakaramdam na parang inaapakan ang kanilang pagkatao. Sa halip na palakasin ang pampublikong kaligtasan, maaaring kabaligtaran ang epekto ng pagtaas ng presensya ng pulisya at mawala ang pakiramdam ng seguridad ng komunidad. Para sa mga Itim, maaaring madagdagan ang kanilang pagkabalisa kahit nakakakita lang ng pulis, at nauugnay sa mas matinding pagkabalisa, trauma, at depresyon ang pakikipagpalitan sa mga opisyal. Ang mas mataas na antas ng panghihimasok ng pulisya ay nauugnay din sa mas malalang kalusugan ng pag-iisip. Mas malala ang epekto ng mas pinatinding pagsubaybay ng pulisya sa kalusugan ng pag-iisip ng kabataan.

Batay sa pananaliksik, naniniwala ang Lupon na ang panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan at masamang pagpapatupad ng batas ay dapat ituring ng mga opisyal ng pampublikong kalusugan at tagagawa ng patakaran bilang malaking isyu sa pampublikong kalusugan. Kailangang kilalanin na ang mga pakikipagpalitan ng pulisya ay maaaring may negatibong epekto sa pisikal at mental na kalusugan ng mga Itim, Hispanic/Latine (x), Katutubo, at mga taong may kulay. Makakatulong na mabawasan nang husto ang matinding stress, pagkakawatak-watak ng komunidad, at hindi magandang epekto sa kalusugan ng mga miyembro ng komunidad na nakakaranas na maging target ng kanilang mga kapitbahay at agresibong pagpapatupad ng batas. Dahil dito, dapat maglaan ng sapat na mga mapagkukunan para maunawaan at matugunan ang mga resulta sa kalusugan ng panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan.

**PAGPAPAHINTO DAHIL SA MALING DAHILAN**

Sa taong ito, patuloy na sinusuri ng Lupon ang mga pagpapahinto dahil sa maling dahilan at pagsisiyasat. Nangyayari ang pagpapahinto dahil sa maling dahilan kapag pinapahinto ng isang opisyal ang isang tao dahil sa ligal na paglabag sa batas-trapiko o maliit na paglabag dahil may balak siyang gamitin ito para mag-imbestiga sa isang kutob tungkol sa ibang krimen na hindi maaaring maging makatuwirang hinala o dahilan para mag-imbestiga. Kahit ligal ang pagpapahinto dahil sa maling dahilan, hayagan itong pinupuna at madalas na inilalarawan bilang sekretong pangangalap ng impormasyon, na sinusuportahan ng data na nagpapakita na hindi ito nakakakuha ng mataas na rate ng mga kontrabando o katibayan.

Sinusuri ng Lupon ang mga dating pagpapatupad ng batas at patakaran na maaaring nag-udyok ng pagpapahinto dahil sa maling dahilan at pagkatapos ay inisa-isa ang iba't ibang uri ng pagpapahinto na maituturing na may maling dahilan. Dahil mga opisyal ang magpapasya sa mga pagpapahinto dahil sa maling dahilan, maaaring tahasan o hindi tahasang maging bias ang desisyon ng mga opisyal na magpapahinto at ang kanilang mga aksyon sa panahon ng pagpapahinto. Ipinapakita ng pananaliksik na ang pagpapahinto dahil sa paglabag sa batas-trapiko ay ang pangunahing dahilan ng pakikipagpalitan sa tagapagpatupad ng batas at ang may pinakamalaking pagkakaiba sa mga proseso ng pagpapatupad ng batas sa mga Itim at Puti.

- Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga Itim na taga-California ay mas malamang na gamitan ng puwersa kapag pinapahinto dahil sa paglabag sa batas-trapiko at halos tatlong beses na mas malamang na masaktan, mabaril, o mapatay ng pulisya ayon sa kanilang bahagi sa populasyon ng estado. Sa buong bansa, karamihan sa mga pagpatay ng mga tagapagpatupad ng batas ay mula sa insidente ng paglabag sa batas-trapiko o tugon ng tapagpatupad ng batas sa isang hindi marahas na pagkakasala.
- Ibinunyag ng data ng RIPA na, kumpara sa mga Puti, mas malamang na hilingan ng pinahintulutang pagsisiyasat ang mga Itim ng 4 na beses, ang mga Hispanic/Latine(x) ng 2.4 na beses, at ang mga Multiracial ng 2.2 na beses sa panahon ng pagpapahinto dahil sa paglabag sa batas-trapiko. Ngunit ipinapikita ng data ng pinahihintulutang pagsisiyasat ng

RIPA mula 2019 hanggang 2021 ang maliit na tsansang makahanap ng mga kontrabando ang mga opisyal sa mga pangkat na ito kumpara sa mga itinuturing na Puti.

- Gaya ng mga pinahihintulutang pagsisiyasat, hindi kailangang maghinala ng kriminal na gawain ang opisyal para isagawa ang mga pagsisiyasat batay sa istado ng pangangasiwa ng isang tao (hal., parole, probasyon, atbp.). Ipinapakita ng data ng RIPA na ang mga Itim na pansamantalang inaresto dahil sa paglabag sa batas-trapiko ay 5.2 beses na malamang na makakaranas ng pagsisiyasat batay lamang sa istado ng pangangasiwa kumpara sa mga Puti na pinapahinto dahil sa paglabag sa batas-trapiko Natuklasan ang mga kontrabando sa 15 porsyento lamang ng lahat ng mga pagpapahinto dahil sa paglabag sa batas-trapiko na may mga pagsisiyasat na pinangagasiwaan lamang at mas mababa pa kapag isinagawa ang mga pag-arestong ito (na may mga pagsisiyasat na pinangangasiwaan lamang) sa mga itinuturing na Itim (12.3%) o Hispanic/Latine(x) (14.2%).

Maliban sa mas malawak na pagsusuri sa mga pagpapahinto dahil sa paglabag sa batas-trapiko, sinuri din ng Lupon ang mas maliliit na subset ng mga pagpapahinto na maaaring dahil sa maling dahilan – kabilang ang mga pagpapahinto para sa mga paglabag kaugnay sa bisikleta, pagpapahinto sa mga pedestrian sa paglabag sa mga batas ng kalsada (tulad ng hindi pagtawid sa itinalagang interseksyon o paglabag sa traffic sign), o mga pagpapahinto sa mga palaboy – upang matukoy kung ang ilang paglabag ay ipinataw nang magkaiba sa partikular na mga pangkat ng indibidwal.

- Sa lahat ng pagpapahinto, natuklasan ng Lupon na mas malaking porsyento sa mga pagpapahinto dahil sa mga paglabag ng bisikleta ay mula sa mga itinuturing na Multiracial, Hispanic/Latine(x), o Itim kaysa sa mga Puti.
- Ang mga pagpapahinto dahil sa mga paglabag ng bisikleta ay may mas mataas na rate sa pagsisiyasat, pagdedeteni sa gilid ng bangketa o patrol car, at pagpoposas kaysa sa lahat ng iba pang dahilan ng pagpapahinto, at nagsasagawa ng pagsisiyasat ang mga opisyal sa 37.5 porsyento ng mga pagpapahinto dahil sa mga paglabag ng bisikleta kaysa sa 11.8 porsyento ng lahat ng iba pang pag-aresto. Kung ikukumpara sa pangkalahatang rate ng pagkilos sa panahon ng mga pagpapahinto dahil sa mga paglabag ng bisikleta na inilarawan sa itaas, mas malamang na siyasatin, ideteni, o posasan ng opisyal ang mga itinuturing na Multiracial o Hispanic/Latine(x) at mas malamang na ideteni o posasan ang mga Itim.
- Tinukoy ang paglabag ng pedestrian sa batas ng kalsada bilang mas malaking dahilan ng pagpapahinto kapag ang mga inaaresto ay itinuturing na Itim (0.81%), Puti (0.80%), at Multiracial (0.66%). Kung ikukumpara sa average na mga rate sa mga pagpapahinto sa mga pedestrian sa kalsada, mas madalas na siyasatin, ideteni, at posasan ng opisyal ang mga itinuturing nilang Multiracial, Itim, o Hispanic/Latine(x). Ang mga pinapahinto at itinuring na Itim ng mga opisyal ay 2.6 na beses na malamang na walang aksyong gagawin pagtatapos ng pag-aresto sa mga pedestrian sa kalsada kaysa sa mga itinuturing na Puti.
- Kapag pinaghiwa-hiwalay ayon sa lahi, mas malaking porsyento sa mga pansamantalang pag-aresto dahil sa paglabag sa pagpapalaboy-laboy ang itinuturing na Itim (1.68%), Puti (1.27%), o Multiracial (1.05%). Para sa pagkakakilanlan ng kasarian, mas malaking porsyento

sa lahat ng pagpapahinto ang mga itinuturing ng mga opisyal na mga Transgender na Lalaki/Batang Lalaki (4.55%) o mga Transgender na Babae/Batang Babae( 4.36%) – apat na beses na mas mataas kaysa sa pangkalahatang proporsyon ng mga pagpapahinto para sa pagpapalaboy-laboy(1.03%). Karagdagan pa, 6 na beses na mas malaki ang porsyento ng mga pagpapahinto sa mga may kapansanan sa kalusugan ng pag-iisip at 4 na beses na mas malaki ang porsyento ng kabuuang pagpapahinto sa mga may kapansanan kumpara sa mga itinuturing na walang kapansanan.

Ang pagtuon sa mga pagpapahinto na pinangunahan ng pangangalap ng impormasyon at ibinatay sa ebidensya ay posibleng magbabawas sa hindi pagkakapantay-pantay at panghuhusga batay sa lahi at etnisidad habang pinagtutuonan ang pampublikong kaligtasan. Ipinapahiwatig ng pananaliksik na may negatibong epekto sa pampublikong kaligtasan ang pagbawas sa pagpapahinto dahil sa maling dahilan.

- Ang mga pagpapahinto dahil sa maling dahilan ay madalas na hindi nagreresulta sa pagbawi ng mga kontrabando o armas.
- Magastos ang pagpapahinto dahil sa maling dahilan. Ipinapakita ng data na gumugugol ang mga opisyal ng maraming oras – halos 80,000 oras noong 2019 – sa mga pagpapahinto sa paglabag sa batas-trapiko na hindi humantong pagpapatupad ng batas o pagtuklas ng mga kontrabando. Para sa mga lokal na departamento ng pagpapatupad ng batas, 28,000 sa mga oras na iyon ay ginugol sa pagpapatupad sa mga paglabag ng mga hindi gumagalaw, na mas malamang na may maling dahilan.
- Ang mga pag-aaral ng National Highway at Traffic Safety Administration (NHTSA) ay nagmungkahi ng mga hakbang sa kaligtasan sa trapiko tulad ng pagpapatupad ng awtomatikong bilis at mga camera na may pulang ilaw na maaaring magpabuti sa pampublikong habang binabawasan ang pagpapasya ng opisyal.

Sa pagsisikap na bawasan ang hindi pagkakapantay-pantay na ipinapakita ng data at gawing mas patas, mas ligtas, at mas makatarungan ang pagpapatupad ng batas, sinisikap ng ilang ahensya, munisipyo, at estado na nagpapatupad ng batas na wakasan ang mga pagpapahinto dahil sa maling dahilan at pagsisiyasat. Maliban sa pagwakas sa pagpapahinto dahil sa maling dahilan, maraming munisipyo ang isinasaalang-alang ang mas malalawak na diskarte upang bawasan ang bakas ng maling pagpapatupad ng batas sa trapiko, kabilang ang: (1) paglilimite sa pagpapamulta at pagpabayad para sa mga paglabag sa trapiko upang maibsan ang collateral na epekto ng ilang mga pagpapahinto dahil sa maling dahilan; at (2) paggawa ng programang pangtrapiko na kinabibilangan ng mga hindi armadong sibilyan sa halip na tagapagpatupad ng batas. Binigyang-diin ng Lupon ang mga patakaran ng maraming lungsod sa California at sa buong bansa na bumubuo ng mga departamentong pangtrapiko ng sibilyan.

Hinihikayat ng Lupon ang mga stakeholder na lumikha ng mga patakaran na nakabatay sa data para mapaunlad ang pampublikong kaligtasan at bumuo ng mga makabagong paraan para tugunan ang panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pag-alis sa pagpapahinto dahil sa maling dahilan. Partikular na patungkol sa mga pagpapahinto dahil sa

maling dahilan na nakabatay sa pagpapasya ng opisyal, na madaling mahaloan ng bias, nanawagan ang Lupon sa Lehislatura, mga ahensyang nagpapatupad ng batas, at mga abogado ng lokal na distrito na suriin ang mga umuusbong na diskarte, kabilang ang:

(1) Pagkilala at pagkilos upang limitahan ang pagpapatupad ng mga batas-trapiko at maliliit na paglabag na hindi nagdudulot ng panganib sa kaligtasan ng publiko at nagpapakita ng malaking pagkakaiba sa rate ng pagpapatupad.

(2) Paglimite sa paggamit ng armas kaugnay sa pagresponde para ipatupad ang batas-trapiko sa pamamagitan ng pagpapahintulot lamang sa mga pagpapahinto kung may panganib sa kaligtasan ng publiko at pag-aralang amyendahan ang vehicle code sa pamamagitan ng pag-alis sa pagpapatupad ng batas-trapiko mula sa saklaw ng mga tagapagpatupad ng batas (hal., sa isang yunit ng trapiko ng sibilyan).

(3) Pagbabawal sa ilang pagsisiyasat, tulad ng mga pinahihintulutang pagsisiyasat o pinangangasiwaang pagsisiyasat, sa panahon ng pagpapahinto dahil sa paglabag sa batas-trapiko at sa halip ay mangailangan ng makatwirang dahilan para sa anumang pagisisiyasat.

(4) Pag-alis sa lahat ng pagpapahinto dahil sa maling dahilan at kasunod na pagsisiyasat at pagtiyak na nakabatay ito sa makatwirang hinala o dahilan.

Tinatalakay din ng Ulat ang mga modelong ipinatupad sa iba't ibang hurisdiksyon na naglalayong alisin ang mga hindi pagkakapantay-pantay kaugnay sa pagpapahinto dahil sa maling dahilan. Ang mga modelong ito ay naglalaman ng mga pangunahing probisyon na maaaring pag-aralan ng ibang ahensya at munisipyo na nagpapatupad ng batas habang binubuo ang sarili nilang mga patakaran. Batay sa mga modelong ito, inirerekomenda ng Lupon ang mga sumusunod:

(1) Inirerekomenda ng Lupon na dapat malinaw sa mga patakaran ng mga ahensya ang mga partikular na uri ng ipinagbabawal na pagpapahinto at, sa gayon, malimitahan ang mga opisyal na magpasya kung ano ang maaaring mailalarawan na pagpapahinto para sa kaligtasan ng publiko.

(2) Inirerekomenda ng Lupon na suriin ng Lehislatura ang paggawa ng pamantayan sa makatwirang dahilan ng pagpapahinto na ipinapakita ng data ng RIPA na may malaking pagkakaiba sa istatistika resulta at may maliit na pakinabang sa kaligtasan ng publiko.

(3) Dapat ipagbawal ng patakaran ang mga partikular na uri ng mga aksyon sa pagpapatupad na karaniwang pinapayagan kahit walang makatwirang dahilan o hinala. Partikular na naniniwala ang Lupon na dapat ipagbawal sa mga patakaran sa pagpapatupad ng batas ang pagsisiyasat at ang pinangangasiwaang pagsisiyasat maliban kung may mga malinaw na kadahilanan na maaaring batayan na maging sanhi ng krimen.

(4) Inirerekomenda ng Lupon na ipagbawal ng Lehislatura ang pagtatanong sa isang indibidwal ng kanilang probasyon, parol, o katayuan sa pangangasiwa, maliban kung may mga malinaw na kadahilanan na maaaring batayan na may nagawang krimen.

Sa katulad na paraan, sinuri ng Lupon ang iba't ibang patakaran na ipinatupad ng mga abogado ng distrito na naglalayong bawasan ang pagkakaiba-iba kaugnay sa mga pagpapahinto dahil sa maling dahilan. Marami sa mga patakarang ito ay naglalaman ng maraming pangunahing sangkap na inirerekomenda ng Lupon na isaalang-alang ng mga abogado ng distrito kapag bumubuo ng mga estratehiya sa pagtugon sa mga pagpapahinto dahil sa maling dahilan, tulad ng:

(1) Hindi pagsampa ng mga kaso na nakabatay sa mga pagpapahinto dahil sa maling dahilan o pagsisiyasat.

(2) Paggawa ng mga patakaran na nag-uutos sa mga kinatawang abogado ng distrito na hindi magsampa nga mga kasong kaugnay sa paghahawak na batay sa pagsisiyasat na naganap sa panahon ng paglabag sa batas-trapiko o pagkakasala dahil sa masamang asal, tulad ng pinahintulutan o probation na pagsisiyasat.

(3) Pagbuo ng mga direktiba na malinaw na ipinagbabawal ang mga uri ng pagpapahinto, tulad ng nakasarang bintana o nag-expire na rehistro.

Panghuli, sinuri ng Lupon ang mga bagong batas ng ibang estado na umaasa sa iba't ibang diskarte upang wakasan ang mga pagpapahinto dahil sa maling dahilan. Inirerekomenda ng Lupon na rebyohin ilang pagsasaalang-alang para sa Lehislatura ng California kapag sinusuri ang mga potensyal na pagbabago sa patakaran ng estado:

(1) Isaalang-alang ang iba't ibang hakbang, kabilang ang pagbabawal sa mga pinahihintulutang pagsisiyasat o paglikha ng pangunahin at pangalawahing sistema ng pagpapatupad ng batas-trapiko, at kung paano mababawasan ng mga hakbang ang pagkakaiba-iba at hindi pagkakapantay-pantay sa pagpapatupad ng mga batas.

(2) Isaalang-alang ang pagtugon hindi lang sa mga pagpapahinto dahil sa paglabag sa batas-trapiko, isaalang-alang din ang pagpapahinto na kaugnay sa pedestrian (halimbawa, ang mga patakaran na tumutugon sa paghinto ng stop-and-frisk, tulad ng sa Estado ng New York).

(3) Isaalang-alang ang paglikha ng pakete ng mga reporma upang matugunan at wakasan ang mga pagpapahinto dahil sa maling dahilan na pangunahing sangkap ang pag-alis nito bilang isang krimen..

Mahalaga ring makipagtulungan ang mga ahensya, abogado ng distrito, at mambabatas sa mga komunidad na kanilang pinaglilingkuran upang bumuo ng sarili nilang mga patakaran upang matugunan ang mga pagpapahinto dahil sa maling dahilan maliban sa pagtingin sa mga bagong uri ng programa sa pagpapatupad ng batas-trapiko.


**PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KABATAAN SA PAGPAPATUPAD NG BATAS**

Maaaring makaranas ng parehong pagtrato ang mga bata at kabataan sa mga nasa hustong gulang sa mga palitan sa pulisya – maaari silang ideteni, siyasatin, posasan, i-pepper spray, i-tase, at barilin. Kapag mabigo ang mga palitang ito, maaaring maging kalunos-lunos ang resulta at magkaroon ng pangmatagalang epekto na higit pa kaysa sa ipinapakita ng data. Bibigyang-diin ng Lupon ang ilang sikat na insidente kung saan humantong sa pananakit sa bata ang kawalan ng pagsasaalang-alang ng opisyal sa edad ng nasasangkot na kabataan.

Bilang karagdagan, sinuri ng Lupon ang data para mas maunawaan ang karanasan ng kabataan kapag nakikipagpalitan sa tagapagpatupad ng batas. Ipinapakita ng pananaliksik na ang kabataang Itim at Hispanic/Latine(x) ay mas malamang na makaranas ng direktang pakikipagpalitan sa mga tagapagpatupad ng batas kaysa sa mga kabataang Puti. Ibinunyag ng data na ang Itim na 15-17 taong kabataan ay sinisiyasat ng halos anim na beses kaysa sa rate ng kabataang Puti at ang kabataang Hispanic/Latine(x) ay sinisiyasat ng halos apat na beses kaysa sa rate ng kabataang Puti. Ang mga kabataang Itim ay idenedeteni din sa gilid ng bangketa o sa patrol car, sinisiyasat, o pinoposasan sa panahon ng mas mataas na porsyento ng mga pagpapahinto kaysa sa anumang iba pang kombinasyon ng edad sa mga pangkat ng lahi at etniko. Mas malamang din na pinapahinto at idinedeteni ang kabataang Itim dahil sa parehong pag-uugali ng mga kaedaran nilang Puti, kabilang ang maliliit na paglabag tulad ng paninira at hindi maayos na pag-uugali, at mas malamang na gamitan ng pwersa. Ipinapakita rin ng mga pag-aaral na ang maling pag-uugali ng mga kabataang may kulay ay mas malamang na lapatan ng pagdidisiplina o pagpapatupad ng batas, hindi katulad ng maling pag-uugali ng mga kaedaran nilang mga Puti, na mas madalas na itinuturing na “problema sa kalusugan ng pag-uugali” na tutugunan ng mga opisyal ng paaralan sa halip na pulisya.

Maingat ding sinuri ng Lupon ang pagkakaiba-iba sa mga pagpapahinto kung saan ang mga opisyal ay walang maiuulat na aksyon upang matukoy kung may sapat bang makatwirang hinala o dahilan ang pagpapahinto o kung dapat ba talaga itong maganap. Ang pinakamalaking pagkakaiba ng mga pangkat ng lahi sa porsyento ng mga pagpapahinto na walang maiuulat na ginawang aksyon ay naganap sa pangkat ng 15 hanggang 17 taong gulang. Sa pangkat na ito ng mga pinapahinto, 24.4 porsyento na walang ginawang aksyon ang mga opisyal sa kabataang Itim, 15.8 porsyento para sa kabataang Hispanic/Latine(x), 10.3 porsyento para sa kabataang Asyano, 6.6 porsyento para sa kabataan sa iba pang pangkat ng lahi/etniko, at 5.5 porsyento para sa kabataang Puti.

*Rate ng Walang Maiuulat na Ginawang Aksyon bilang Resulta ng Pagpapahinto sa Pangkat ng Edad at Lahi at Etniko*




Karagdagan pa, sinuri ng Lupon ang mga pagsisiyasat na pinahihintulutan lamang, mga pagsisiyasat na ang tanging batayan na ibinigay ng opisyal ay ang “pahintulot.” Ang pinakamataas na porsyento ng mga iniulat na pagpapahinto na may pagsisiyasat na pinahihintulutan lamang ay sa mga itinuturing na Itim at nasa 15 at 17 taong gulang. Maaaring ipinapakita ng datang ito na posibleng hindi alam ng kabataan ang kanilang karapatan o hindi komportableng tanggihan ang kahilingan ng opisyal na siyasatin sila o ang pag-aari nila.

Sinuri din ng Lupon ang data ng card ng panayam sa field. Maaaring punan ng mga opisyal ang mga card ng panayam sa field para itala at subaybayan ang mga ugnayan sa panahon ng pagpapahinto, pagsisiyasat, at pag-aresto; maaaring gamitin ang mga card ng panayam sa field para mailagay ang data sa mga database ng pagpapatupad ng batas, tulad ng CalGang Database, na sumusubaybay sa potensyal na pagiging kasapi ng gang. Sa loob ng iba't ibang mga pangkat ng edad, nakumpleto ng mga opisyal ang mga card ng panayam sa field sa panahon ng mas mataas na porsyento ng mga pagpapahinto sa mga itinuturing na 10-14 taong gulang mula sa lahat ng pangkat ng lahi at etniko (Itim 19.1%, Hispanic/Latine(x) 16.4%, Asyano 11.3%, Puti 10.1%, at Iba pa 8.6%). Nagpahayag ng pagkabahala ang Lupon sa pagsama sa mga kabataan sa mga database ng pulisya matapos makumpleto ang isang card ng panayam sa field – dahil mas mahina sila at mas pumapayag na sumunod sa mga awtoridad at sagutin ang mga tanong ng mga opisyal, pero dahin hindi rin naisasaalang-alang ng mga bata ang mga pangmatagalang kahihinatnan ng pakikipag-usap sa pulisya tungkol sa impormasyon na maaaring mailagay sa database. Hinihikayat ng Lupon ang mga tagagawa ng patakaran at mga ahensyang nagpapatupad ng batas na isaalang-alang ang mga karagdagang proteksyon at pangangalaga sa kabataan, dahil sa potensyal na pangmatagalang negatibong kahihinatnan.

Sinaliksik din ng Lupon ang pagtaas ng pagpapatupad ng batas sa paaralan, na nagpataas sa pakikipagpalitan ng kamakailang henerasyon ng kabataan sa mga tagapagpatupad ng batas. Sa Pangangalap ng Data sa mga Sibil na Karapatan ng Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. sa 2015-16,

iniulat ng mga distrito ng paaralan ang 2,080 na mga opisyal ng pagpapatupad ng batas sa site at 4,228 na mga security guard sa mga paaralan. Ipinapakita ng data na 6.3% ng mga mag-aaral (390,072 mag-aaral) sa California ay pumapasok sa mga paaralan na may mga tagapagpatupad ng batas, pero walang tagapayo.

Sinuri ng Lupon ang data mula sa estado at pambansang mapagkukunan tungkol sa kaligtasan ng mag-aaral bago tuklasin ang ugnayan ng kaligtasan ng mag-aaral at pagpapatupad ng batas na nakabase sa paaralan. Kahit kaligtasan ng publiko ang pangunahing dahilan sa pagtaguyod ng pagpapatupad ng batas na nakabase sa paaralan, nabawasan ang mga insidente ng karahasan sa paaralan at mga isyu sa kaligtasan sa dekada 2009 at 2019, maliban sa pamamaril sa paaralan. Napag-alaman ng mga mananaliksik na hindi napipigilan ng mga opisyal ng mapagkukunan ng paaralan (school resource officers, SRO) ang mga insidente kaugnay sa pamamaril at nadaragdagan ang suspensyon, pagpapatalsik, referral sa pulisya, at pag-aresto sa mga mag-aaral dahil sa presensya ng mga SRO. Pinakamalaki sa mga pagtaas na ito ang sa mga mag-aaral na Itim, mag-aaral ng lalaki, at mga mag-aaral na may kapansanan.

Bukod dito, ang mga mag-aaral na may mas mataas na rate ng pagbubukod sa disiplina, tulad ng mga suspensyon, pagpapatalsik, at paglilipat sa mga alternatibong paaralan, ay maaari ring mas nanganganib na maugnay sa kriminal na ligal na sistema. Sa nagdaang dekada, bumaba ang mga rate ng mga suspensyon at pagpapatalsik sa mga paaralan ng California. Gayunpaman, ipinakita ng mga pag-aaral na ang mga mag-aaral na may kulay, may kapansanan, at LGBTQ + ay mas malamang na makakaranas ng pagbubukod sa disiplina kaysa sa mga kaedaran nila, bagaman hindi ipinapakita ng mga katibayan ang mas mataas na rate ng problema sa pag-uugali.

Dahil sa pananaliksik na ito, hinihiling ng Lupon na isaalang-alang ng mga tagagawa ng patakaran kung maaari ring ilapat ang karagdagang proteksyon sa kabataan sa iba pang saklaw ng pagpapatupad ng batas, tulad ng mga pinanahihintulutang pagsisiyasat at card ng panayam sa field. Maaaring kailanganin din ng kabataan ang karagdagang proteksyon at pangangalaga bago tanggihan ang anumang karapatan, lalo na kung maaaring gamitin laban sa kanila sa panahon ng kriminal na palilitis ang anumang pahayag na gawin nila. Karagdagan pa, maaaring magkaiba ang tugon ng kabataan sa isang palitan sa mga opisyal kaysa sa ibang matatanda. Maaari ring isaalang-alang ng mga tagagawa ng patakaran kung paano maaaring mabago ang paggamit ng mga patakaran at kasanayan upang isaalang-alang ang mga pagkakaiba-iba ng pisikal at pag-unlad ng kabataan.

Binibigyang diin ng Lupon ang kahalagahan ng paglikha ng mga patakaran o batas na angkop sa kahinaan ng kabataan at nagpaplanong suriin ang karagdagang rekomendasyon sa patakaran at pinakamahusay na kasanayan para sa mga isyu sa pagdidisiplina sa mag-aaral at mga rekomendasyon sa patakaran tungkol sa pulisya na nakabase sa paaralan.

**MGA PATAKARAN AT PANANAGUTAN SA PANGHUHUSGA BATAY SA LAHI AT PAGKAKAKILANLAN**

Marami sa tanyag na pagpatay ng pulisya, lalo na ang pagpatay kay George Floyd, ang nag-udyok ng pambansang kilusan na nananawagan ng malalim na sistematikong pagbabago na magbabawas sa patuloy na karahasan ng pulisya laban sa mga Amerikanong Itim. Mahalagang bahagi ng kilusan ang panawagan na managot ang pulisya. Karamihan sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas ay may panloob na proseso para managot ang mga opisyal. Gayunpaman, marami sa mga prosesong ito ay nahahadlangan ng iba't ibang institusyonal na pagkabigo at problema. Kapag nabigo ang mga panloob na mekanismong ito na pigilan ang maling pag-uugali, ang mga hurisdiksyon ay gumagawa ng mga panlabas na ahensya na magsisilbing karagdagang panuri sa mga ahensya. Sinusuri ng Ulat ang iba't ibang mekanismo ng pananagutan ng pulisya. May maraming kadahilanan na nag-aambag sa pagiging epektibo ng panloob na mga mekanismo ng pananagutan. Ang mga mekanismong ito ay kadalasang umaasa sa mga reklamo ng sibilyan o panloob na mga reklamo, kung saan paangutin ng sumumpang opisyal ang iba pang sumumpang opisyal, tulad ng tinalakay nang mas detalyado ng Ulat. Ang pagiging epektibo ng mga panloob na mekanismo ay nakasalalay sa mga opisyal na maingat na isinasagawa ang mga proseso na itinatag ng ahensya, na sinusuri ang mga proseso at mga opisyal upang matiyak na sila ay sumusunod sa mga itinatag na patakaran, at ang pangako sa pananagutan mula sa pamunuan ng ahensya.

Tinatalakay ng Ulat ang mga epekto ng kultura ng ahensya, ang tungkolin ng mga tagapangasiwa sa paghubog ng kulturang iyon, at pagsusuri ng data at patakaran na ginamit upang maisulong ang pananagutan. Ang kultura ng ahensya ng pagpapatupad ng batas hinggil sa pananagutan ay nakakaimpluwensya sa pagiging epektibo ng mga panloob na gawain at iba pang mga sistema ng pananagutan sa departamento. Mahalaga ang tungkolin ng mga superbisor sa pagbuo at paghubog ng kultura ng isang departamento at paghikayat sa pananagutan. Ang mga departamento sa panloob na gawain ang unang mekanismo para sa pananagutan; ang ahensyang nagpapatupad ng batas ang may pinakadirektang access sa inirereklamong opisyal at sa katibayan na pumapaligid sa mga paratang ng maling pag-uugali. Dapat ding magsagawa ng mga pagsusuri ng data ang mga ahensya upang magbigay ng kongkretong ebidensya ng epekto ng kasanayan sa komunidad at rebyuhin at baguhin ang kanilang mga patakaran kung kinakailangan.

Ang ilang hurisdiksyon ay gumawa ng mga mekanismo ng pananagutan sa labas ng mga ahensyang nagpapatupad ng batas, depende sa mga mapagkukunan ng komunidad at pagnanais ng pagbabago. Ang lahat ng mga sistema ng pananagutan ay mas mahusay kapag isinama ang mga ito at tingnan ang kabuuuang larawan para may iba't ibang pagsuri sa mga opisyal at ahensya para mararamdaman ng mga tao na maaasahan sila. Sinusuri ng Lupon ang sumusunod na mga panlabas na mekanismo ng pananagutan:

- Pangkalahatang pangangasiwa ng abogado;

- Mga mekanismo ng sibil na paglilitis;
- Pangangasiwa sa kriminal;
- Lupon ng pagsusuri ng sibilyan, kabilang ang iba't ibang uri at gabay na prinsipyo para sa epektibong lupon ng pagsusuri ng sibilyan;
- Mga heneral na inspektor, na binibigyang-diin ang mga katangian ng matagumpay na heneral na inspektor at nagbibigay ng mga halimbawa sa mga Offices of Inspector Generals (Tanggapan ng mga Inspektor Heneral) na nangangasiwa sa Los Angeles Police Department at Los Angeles Sheriff's Department (Departamento ng Pulisya ng Los Angeles at Kagawaran ng Sheriff ng Los Angeles);
- Mga komisyon ng pulisya, mga komisyon na tagapagtalakay sa San Francisco, Oakland, Los Angeles, at Burbank; at
- Ang San Francisco Department of Police Accountability (Kagawaran ng Pananagutan ng Pulisya ng San Francisco), isang natatanging departamento ng pamahalaan na nangangasiwa at independiyente mula sa kagawaran ng pulisya.

Kahit maaaring mag-overlap ang mga mekanismong ito, mas malamang na makamit ang pananagutan dahil sa kanilang pinag-isa at pinagsamang pagsisikap. Dahil may iba't ibang mapagkukunan at pangangailangan ang komunidad, walang one-size-fits-all na modelo. Maaaring sumubok ng iba't ibang diskarte ang mga ahensya at munisipyo na angkop sa pangangailangan ng kanilang komunidad. Tulad ng binibigyang diin ng Lupon sa buong Ulat na ito, dapat na kasangkot ang komunidad sa mga pagpapasya tungkol sa pinakaakmang diskarte. Sa hinaharap, nais ng Lupon na suriin ang pagiging epektibo ng mga mekanismo ng pananagutan at talakayin ang mga hakbang sa pagiging epektibo. Nais din talakayin ng Lupon ang mga limitasyon na kinakaharap ng mga mekanismo ng pananagutan, lalo na sa mga nakakaranas ng paghihiganti mula sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas.

**PANAWAGAN PARA SA SERBISYO AT BIAS BY PROXY**

Tinatalakay ng Ulat ang tungkolin ng mga dispatcher sa panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan. Mahalaga ang tungkolin ng dispatcher sa pagtugon sa at sa resulta ng tawag para sa serbisyo sa maraming dahilan. Nagsisilbi silang channel sa pagitan ng tumatawag sa 911 at sa pangkat ng pagtugon. Ang dispatser ang direktang nakikipag-ugnayan sa tumatawag sa 911 – naririnig ang tinig at tono ng tumatawag at anumang ingay sa background – at maaaring magtanong kung kinakailangan. Pagkatapos ay magdedesisyon ang dispatcher kung (1) magpapadala ng tagapagpatupad ng batas; (2) magpapadala ng isang pangkat ng interbensyon sa krisis sa mga nasasakupan na mayroon sila; (3) magpapadala ng pangkat ng medikal o sunog; o (4) hindi magpapadala ng pangkat. Kaya, mahalagang kasanayan ang pagtukoy kung ang tawag ay tungkol sa hindi marahas na krisis, tulad ng kaganapan kaugnay sa kalusugan ng pag-iisip o pag-abuso ng sangkap, o hindi wastong inuudyokan ng bias. Karagdagan pa, umaasa ang pangkat ng pagtugon sa impormasyong nakalap ng dispatcher. Maiimpluwensyahan ng impormasyong iyon ang pagtugon ng pangkat sa isang partikular na insidente at maaaring mag-udyok o umiwas sa pabagu-bagong pakikipagpalitan.

Sinusuri ng Ulat kung bakit maaaring mag-atubili ang mga dispatcher na hwag magpadala ng mga pangkat ng tagapagpatupad ng batas at sinusuri ang ilang mapagkukunan na maaaring gamitin upang matulungan ang dispatcher na gumawa ng mga desisyon ayon sa kaalaman bilang tugon sa mga tawag para sa mga serbisyo, tulad ng:

- Teknolohiya at Impormasyon: Ina-update din ang 911 na sistema ng tawag sa California sa Susunod na Henerasyon 911 (NG911) upang makasabay sa kasalukuyang teknolohiya. Ang sistemang ito ay magbibigay sa mga dispatcher ng access sa mas maraming impormasyon habang sinasagot ang mga tawag, tulad ng mga text message at video;
- 988 Lifeline sa Pagpapakamatay at Krisis: Makikipagtulongan ang mga 911 dispatcher sa bagong hotline sa krisis sa kalusugan ng pag-iisip, ang 988, upang mabawasan ang tugon ng tagapagpatupad ng batas sa mga tawag sa krisis. Ang sistemang 988 ay makakatulong na itigil ang pagtugon ng tagapagpatupad ng batas sa mga tawag kung saan mas angkop ang pagtugon sa kalusugan ng pag-iisip o sa pag-aabuso ng sangkap; at
- Linya ng Mapagkukunan at Database – 211: Available din ang mga serbisyo sa pamamagitan ng isa pang tatlong-digit na numero ng telepono, 211. Ito ay isang libreng numero ng telepono at online database na nag-uugnay sa mga tao sa lokal na kalusugan at serbisyo ng tao, tulad ng pagkain, pabahay, pangangalaga ng bata, tulong sa utility, interbensyon ng krisis, impormasyon sa pagtugon sa kalamidad, at marami pa.

Ina-update ng POST ang kurso ng pagsasanay sa dispatcher upang isama ang pagsasanay sa kalusugan ng kaisipan, interbensyon ng krisis, at mga diskarte para mabawasan ang tindi ng krisis, at ang mga epekto ng mga hindi tahasan at tahasang bias. Habang ina-update at binubuo ng POST ng Dispatcher Basic Training Course, inirerekomenda ng Lupon sa POST na:

- (1) (a) Gumawa ng pagsasanay sa bias para sa mga dispatcher na dapat daluhan ng lahat ng dispatcher nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon; (b) imandato ang pakikilahok sa pagsasanay sa bias na uulitin, papanatilihin, at palalakasin tulad ng sinusuportahan ng pananaliksik; (c) at magsagawa ng taunang pagsusuri at pag-update ng pagsasanay sa bias para kalidad at pagiging epektibo;
- (2) Bumuo ng isang tool sa pagtatasa na hindi lang para sa pakikipanayam sa pagtukoy ng posibleng bias ng mga aplikante sa panahon ng pagkuha ng dispatcher;
- (3) Bumuo ng mga diskarte sa outreach para sa pagkuha ng mga dispatcher tulad ng mga dispatcher na kinatawan ng bawat sektor ng pamayanan na kanilang pinaglingkuran; at
- (4) Mag-alok ng gabay sa mga lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas tungkol sa mga pagsisiyasat o pagtatanong sa social media sa pagkuha ng mga dispatcher.

Sa Ulat ng nakaraang taon, binigyang-diin ng Lupon ang maraming lokal na programa sa buong bansa na bumubuo ng mga alternatibo sa mga armadong opisyal na tumutugon sa mga krisis. Ang mga programang ito, sa mga lungsod tulad ng San Francisco, Sacramento, Oakland, Denver, at Los Angeles, ay binubuo ng sinanay, hindi armadong propesyonal na mga pangkat ng pagtugon sa krisis na maaaring tumugon sa mga tawag para sa serbisyo at makakatulong sa

mga indibidwal na nangangailangan ng kalusugan ng pag-iisip o iba pang suporta. Sa Ulat na ito, ang Lupon ay nagbibigay ng mga update mula sa mga programang ito, kabilang ang mga pagpapalawak o pagbabago sa pamamaraan sa nakaraang taon. Sa madaling salita, ang mga programang interbensyon ng krisis na ito ay patuloy na nagbibigay ng pangangalaga sa kanilang komunidad at nagdaragdag ng mga bagong pangkat o karagdagang mga oras ng serbisyo. Ang pagpapalawak na ito ay nangangahulugang mas kaunting mga tawag sa krisis ang tinutugunan ng tagapagpatupad ng batas, na binabawasan ang pakikipag-ugnay sa pagitan ng mga indibidwal sa krisis at pulisya at kriminal na sistema. Ang tugon ng komunidad ay nangangahulugang mas maraming referral sa pagtrato at mas kaunting tawag na nagtatapos sa mga indibidwal na nakaposas. Lalong-lalo na, bihirang tumawag ng tulong mula sa pulisya ang mga pangkat ng interbensyon ng krisis, na nagpapahiwatig na tagumpay ang mga alternatibo sa pagpapatupad ng batas pagtugon sa krisis nang hindi isinasapanganib ang kaligtasan ng publiko.


Tinatalakay din ng Ulat ang ilang mapagkukunan ng pondo ng pederal at antas ng estado para sa mga pamayanan na gustong bumuo ng mga programa ng interbensyon sa krisis. Karagdagan pa, inilarawan ng Ulat ang pagpopondo ng mga programang inilarawan sa itaas. Ang iba't ibang mga programa na isinangguni sa Ulat na ito ay kumukuha ng pondo mula sa mga mapagkukunan tulad ng pondo ng lungsod, pamigay, o serbisyo ng mga boluntaryo.

**MGA REKLAMO NG SIBILYAN**

Kasama sa Ulat ang pagsusuri ng mga reklamo ng sibilyan na natanggap noong 2021 ng 688 ahensyang nagpapatupad ng batas sa California, kabilang ang 522 ahensya ng pag-uulat ng RIPA. Iniulat ng mga ahensya ng RIPA ang kabuuan ng 10,088 reklamo, at 10,490 na mga reklamo ang humantong sa disposisyon sa 2021 na taon ng kalendaryo. Sa mga reklamong humantong sa disposisyon, 992 (9.5%) ang napananatili, 1,076 (10.3%) ang hindi napanatili, 3,496 (33.3%) ang pinawalang-sala, at 4,926 (47%) ang walang basehan.

Iniulat ng mga ahensya ng RIPA ang 1,426 na mga reklamo na nagsasaad ng isang elemento o mga elemento ng panghuhusga bata sa lahi o pagkakakilanlan, na bumubuo ng 14.1 porsyento ng kabuuang reklamo na iniulat ng mga ahensya ng RIPA noong 2021. Sa 1,426 na reklamong iyon, mayroong 1,647 na paratang ng panghuhusga batay sa pagkakakilanlan. Ito ay dahil ang ilang sibilyan ay nagparatang ng higit sa isang uri ng panghuhusga batay sa pagkakakilanlan, tulad ng panghuhusga batay sa kanilang nasyonalidad at relihiyon. Ang mga reklamo na nagparatang ng panghuhusga batay sa lahi at etnisidad ay bumubuo ng tinatayang 77 porsyento ng 1,647 na paratang ng panghuhusga batay sa pagkakakilanlan. Ang anyo sa ibaba ay nagbibigay ng klasipikasyon ng mga paratang sa loob ng mga reklamong iyon.


**Kabuuang Alegasyon sa Panghuhusga Batay sa Lahi at Pagkakakilanlan na Iniulat sa 2021**





Sa 1,426 na mga reklamo na nagparatang ng panghuhusga batay sa pagkakakilanlan, 713 ang humantong sa disposisyon noong 2021: 13 (1.8%) ang napanatili, 83 (11.6%) ang hindi napanatili, 130 (18.2%) ang pinawalang-sala, at 487 (63.8%) ang walang basehan.

Ipinapakita ng anyo sa ibaba ang pamamahagi ng mga uri ng disposisyon sa loob ng 2021 na data para sa (1) lahat ng reklamo na humantong sa disposisyon at (2) mga reklamo ng panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan na humantong sa disposisyon.

**Pamamahagi ng Disposisyon sa 2021 na mga Reklamo**



Ang Ulat ay naglalaman ng higit pang detalye at klasipikasyon ng bilang ng reklamo para sa Wave 1, 2, at 3 na mga ahensya. Kapansin-pansin, ang mga ahensya ng Wave 1 ay nakaranas ng pagtaas sa kabuuang bilang ng mga reklamo na nagpapahayag ng panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan, habang ang Wave 2 at 3 na ahensya ay nakaranas ng pagbawas. Gayunpaman, walang malinaw na ugnayan sa pagitan ng kabuuang bilang ng mga reklamo at ang bilang ng mga reklamo sa panghuhusga na natanggap sa loob ng bawat wave. Ang mga ahensya ng Wave 1 ay nakaranas ng 3.5 porsyento na pagbaba sa kabuuang bilang ng mga reklamo, ngunit tumaas ng 18.2 porsyento sa bilang ng mga reklamo na nagparatang ng panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan. Ang mga ahensya ng Wave 2 ay nakaranas ng 30.1 porsyento na pagbaba sa kabuuang reklamo at 1.4 porsyento na pagbawas sa mga reklamo sa panghuhusga. Ang mga ahensya ng Wave 3 ay nakaranas ng 6.5 porsyento na pagbaba sa kabuuang reklamo at 22.7 porsyento na pagbawas sa mga reklamo sa panghuhusga.

Bilang karagdagan sa pagsusuri ng data, ang Ulat ay naglalaman ng komprehensibong talakayan ng mga pinakamahusay na kasanayan para sa bawat hakbang ng proseso ng reklamo ng sibilyan. Ang mga kasanayang ito ay naglalayong tiyakin na ang proseso ng reklamo ay maa-access at makabuluhan sa mga miyembro ng komunidad pati na rin sa mga nagpapatupad ng batas. Nararamdaman ng mga kasapi ng komunidad na pinapakinggan at pinapahalagan ang kanilang opinyon kapag sinusunod ang mga pamantayan ng proseso ng reklamo, tinitiyak na ang lahat ng mga reklamo ay iniimbestigahan, at hinihikayat ang regular at malinaw na komunikasyon sa mga nagrereklamo Karagdagan pa, pinapayagan ng mga kasanayang ito ang mga ahensya na magkaroon ng kaunawaan sa mga pinagbabatayan ng bawat reklamo, na maaaring makatulong sa pagkilala sa mga isyu ng tauhan na nakakaapekto sa ahensya. Alinsunod dito, hinihikayat ng Lupon ang mga ahensyang nagpapatupad ng batas na suriin ang pinakamahusay na mga kasanayan na tinalakay sa ulat na ito at isama ang mga ito sa kanilang mga kasanayan sa reklamo.

Panghuli, binabago ng Lupon ang mga rekomendasyon nito sa Lehislatura sa (1) pagtukoy sa " reklamo ng sibilyan " sa seksyon ng Penal Code 832.5 at (2) pag-bago o pag-alis sa kahilingan na nakasaad sa seksyon ng Penal Code 148.6 na ang mga ahensya ng pagpapatupad ng batas ay kukuha ng pirmadong pagkilala tungkol sa mga parusa sa kriminal bago tumanggap ng mga reklamo sa sibilyan.

## PAGSASANAY PAGKATAPOS AT PAGREREKRUT

Ayon sa hinihingi ng batas, ang Komisyon sa Pamantayan at Pagsasanay sa Opisyal ng Kapayapaan (Commission on Peace Officer Standards and Training, POST) ay ang independiyenteng ahensya ng estado na responsable sa lahat ng pagsasanay at regulasyon para sa mga opisyal ng kapayapaan sa buong California at ang namamahala sa pagbuo ng minimum na pamantayan, pagpapakalat ng mga alituntunin, at pagpapatunay ng pagsasanay. Bilang bahagi ng mandato nito sa ilalim ng RIPA, sinuri at nagrekomenda ang Lupon sa kurikulum, video, materyales sa online na kurso, at pagsasanay sa silid-aralan. Ang pagsusuri ng Lupon sa

mga pagsasanay at paggasta ng POST ay nagbibigay ng pananaw sa publiko sa: (1) kalidad ng mga handog sa kurso at pagsasanay at iminungkahing mga pagbabago at pagpapabuti, (2) kung gaano kabisa ang mga pagsasanay sa pagbabawas ng panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan, at (3) kung paano ginagamit ang pondo ng POST para sa pagsasanay sa pagpapatupad ng batas.

Binibigyang-diin ng Ulat na ito ang mga pagsusuri at komentaryo ng Lupon sa dalawang kurso na nakatuon sa panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan: Learning Domain 42 (LD 42), ang kurso ng Basic Academy sa Cultural Diversity/Discrimination, at ang kurikulum ng Museum of Tolerance's (MOT) para sa mga tagapagsanay na pinamagatang “Racial and Identity Profiling Train-the-Trainer.” Ang mga puna ng Lupon ay iba-iba sa mga kurso, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod: ang mga kurso ay dapat maglaman ng makabuluhang talakayan tungkol sa labag sa batas na panghuhusga batay sa lahi o pagkakakilanlan at pananagutan para sa pakikisangkot sa naturang pag-uugali; ang mga kurso ay dapat isama ang talakayan ng mga pagkakaiba-iba na ipinakita sa data ng RIPA at nilalaman na batay sa ebidensya sa paligid ng panghuhusga; dapat talakayin ng mga kurso ang kasaysayan sa pagpapatupad ng batas; Ang MOT at POST ay dapat na gumana nang patuloy upang mai-update ang mga materyales sa kurso nang mas madalas sa pakikipagtulungan sa mga miyembro ng komunidad; ang Lupon ay nagpahayag ng mga alalahanin na ang MOT at POST ay nakatuon lamang sa isang taon upang mai-update ang kurikulum ng MOT matapos ang kurso ay hindi gaanong na-update sa loob ng 20 taon; ang mga miyembro ng Lupon ay nagustuhan ang pagkakataon na obserbahan ang pasilidad ng kurso; nais ng Lupon na makatanggap ng data na sumusukat sa pagiging epektibo ng mga pagsasanay sa POST; ang mga kurso ay dapat sumangguni sa *panghuhusga* batay sa lahi at pagkakakilanlan, sa halip na nakatuon lamang sa panghuhusga batay sa lahi; ang pangkat ng pasilidad ay dapat magsama ng mga kinatawan ng nagpapatupad ng batas; at ang mga kurso ay dapat maghangad para sa mga nagsasanay na umalis sa pag-unawa na ang pagtugon sa bias ay maaaring humantong sa mas mahusay na mga kinalabasan. Ang ulat ay naglalaman ng isang mas detalyadong talakayan ng komentaryo ng Lupon para sa parehong mga kurso.

Inililista ng Ulat ang isang bilang ng mga rekomendasyon para sa pagsasaalang-alang ng publiko, ang Lehislatura, POST, mga ehekutibong ahensya sa pagpapatupad ng batas. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng impormasyon sa Lupon kung paano isinama ang mga rekomendasyon ng Lupon sa mga kurso;
- Pagpapalawak sa laki ng POST Commission para magdagdag ng mga karagdagang miyembro ng publiko upang matiyak ang mas magkakaibang representasyon mula sa pampublikong hindi sumumpang komunidad; pagsasagawa ng isang pag-audit o piskal na pagsusuri ng pondo ng POST para sa pagsasanay upang matukoy ang pinaka-epektibong paggamit ng mga pondo sa pagsasanay;

- Paghingi ng malawak na pagsasanay sa panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan ang mga Opisyal ng Pagsasanay sa Field bago magbigay ng pagsasanay sa field sa mga bagong sertipikadong nagtapos sa Academy;
- Pag-utos gumawa ng mga hakbang ang POST ng pagiging epektibo ng mga sertipikadong kurso nito;
- Pagsasama ng data ng RIPA sa balangkas ng kurso ng POST at paggamit ng mga sitwasyon sa totoong buhay sa pagsasanay;
- Pagtaas ng pakikilahok ng publiko sa pamamagitan ng paghingi sa Lupon ng RIPA ng feedback sa kurso at pinakamahuhusay na rekomendasyon sa kasanayan na tinalakay sa mga pampublikong pagpupulong ng Komisyon ng POST, pagbuo ng plano sa pakikipag-ugnayan sa komunidad, at pagtatalaga ng coordinator sa pakikipag-ugnayan sa komunidad;
- Pag-update nang mas madalas ng kurso sa Pagsasanay-sa-Tagapagsanay, at aktibong pakikipag-ugnayan sa komunidad at magkakaibang pangkat ng mga stakeholder upang suriin at magbigay ng mga rekomendasyon tungkol sa bagong nilalaman ng kurso; at
- Pagpapalawak ng pakikipagtulungan sa iba't ibang organisasyon na maaaring makatanggap ng pondo para sa pagdidisenyo ng kurikulum at paghahatid ng pagsasanay.

Sinusuri din ng Ulat ang mga pagsusuri, pag-aaral, at pag-audit tungkol sa pagsasanay ng POST ng mga opisyal ng kapayapaan at mga dispatcher mula sa Opisina ng Pambatasang Analyst, The Little Hoover Commission, at ang California State Auditor.

Karagdagan pa, ang Lupon ay nagbigay ng mga komento sa POST tungkol sa mga regulasyon kaugnay sa panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan, kabilang ang AB 846, na hinihiling ang POST na bumuo ng mga regulasyon sa paligid ng screening para sa bias sa proseso ng pagkuha, at SB 2, na hinihiling sa POST na tukuyin ang “seryosong” maling pag-uugali para sa mga layunin ng pagsusuri ng mga opisyal ng kapayapaan para sa pag-alis ng sertipikasyon.

Inaasahan ng Lupon ang patuloy na pag-uusap sa POST upang galugarin kung paano maging mas epektibong tool ang pagsasanay sa lahi at pagkakakilanlan para sa mga opisyal sa pagsisikap na wakasan ang panghuhusga batay sa lahi at pagkakakilanlan sa California.

**PAMPUBLIKONG PAGGAMIT NG RIPA DATA**

Upang maunawaan ang gamit at pagiging epektibo ng data ng RIPA, inanyayahan ng Lupon ang ilang organisasyon upang ipakita kung paano nila ginamit ang data ng RIPA sa kanilang mga komunidad. Binibigyang-diin ng Ulat kung paano sinuri ng Public Policy Institute of California, Neighborhood Legal Services ng Los Angeles County, at ng Center for Policing Equity ang data ng RIPA upang matukoy ang hindi pagkakapantay-pantay ng lahi sa mga kasanayan sa pagpapatupad ng batas sa buong California.

**MGA REGULASYON NG RIPA**

Ang Ulat ay nagbubuod ng mga pagbabago sa mga regulasyong nagpapatupad ng RIPA, na naaprubahan ng Office of Administrative Law (Opisina ng Batas sa Pangangasiwa) noong Agosto 5, 2022. Inamyendahan ng Tanggapan ng Abogado ang mga regulasyon upang mapabuti ang kawastuhan at hindi pagbabago ng naiulat na data ng pagpapahinto. Ang layunin ng mga pag-amyenda ay upang matulungan ang Lupon, mga ahensyang nagpapatupad ng batas, independiyenteng mananaliksik, at publiko sa pagsubaybay, pagsusuri, at pag-aaral kung paano maaaring mangyari ang panghuhusga batay sa lahi o pagkakakilanlan upang makabuo ng mga solusyon at pagbabago ng patakaran.

Binibigyang-diin ng Ulat ang ilang pangunahing pagbabago sa mga regulasyon, na kinabibilangan ng paghingi ng ulat mula sa mga opisyal kung maituturing nila na walang tahanan ang mga pinapahinto, nililinaw ang mga umiiral na obligasyon kaya ang pag-uulat ay magiging mas organisado para sa mga opisyal, at nagbabalangkas ng proseso para sa mga mananaliksik at publiko na ma-access ang data ng pagpapahinto. Ang California Code of Regulations (Code ng Mga Regulasyon ng California), pamagat 11, seksyon 999.28, na nauugnay sa kung paano iniuulat ng mga ahensya ang mga data ng pagpapahinto sa Kagawaran at kung paano ma-access ng publiko ang data ng pagpapahinto, ay epektibo hanggang Agosto 5, 2022, habang ang California Code of Regulations (Code ng Mga Regulasyon ng California), pamagat 11, mga seksyon 999.224, 999.226, at 999.227, na nauugnay sa pagkolekta ng data, ay epektibo sa Enero 1, 2024.

**MAHAHALAGANG BATAS NA ISINABATAS NOONG 2022**

Kasama sa Ulat ang isang seksyon sa kamakailan-lamang na batas na may kaugnayan sa RIPA na maaaring mangailangan ng na-update na mga pagsasanay at mga pagbabago sa mga patakaran at pamamaraan ng mga ahensya. Binigyang-diin ng batas sa Ulat ang reporma sa mga imbestigasyon sa background para sa mga opisyal, pagpapatupad ng isang 988 na mangangasiwa sa mga insidente ng kalusugan ng pag-iisip at krisis, at pag-alis bilang kriminal na pagkakasala ang paglabag ng pedestrian sa mga batas ng kalsada, bukod sa iba pa.